BAY AREA AIR QUALITY
MANAGEMENT DISTRICT

# INILABAS NA BALITA

**ILALABAS KAAGAD:** Enero 26, 2018
**KOKONTAKIN:** Ralph Borrmann, 415.749.4900

## Magsasagawa ang Air District (Distrito ng Hangin) ng workshop para sa Programa sa Pagprotekta sa Kalusugan ng Komunidad

*Uunahin ng bagong programa ang pagpapaganda ng kalidad ng hangin sa pinakaapektadong mga komunidad sa Bay Area*

**SAN FRANCISCO –** Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay magsasagawa ng workshop na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa bagong Programa sa Pagprotekta sa Kalusugan ng Komunidad sa **Miyerkules, Enero 31, 5:30 – 8:00 p.m.** sa **375 Beale Street sa San Francisco** kasama ang mga kawani mula sa Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ng California at panel ng mga eksperto sa komunidad.

Sa workshop, magkakaroon ng pagkakataon ang publiko na makipag-usap sa mga eksperto sa kalidad ng hangin at komunidad para magbahagi ng mga ideya tungkol sa pagtugon sa pagpaparumi sa hangin sa lugar at talakayin ang pagsubaybay at pagpaplano sa komunidad sa lubhang apektadong mga lugar sa Bay Area.

“Nasasabik ang Air District na makipagtulungan sa mga komunidad at sa Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ng California para bumuo ng parehong mithiin at plano ng aksyon para bawasan ang pagpaparumi sa hangin sa mga lugar na pinaka-kailangan ito,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Bubuuin ng Programa sa Pagprotekta sa Kalusugan ng Komunidad ng Air District ang aming ginawa ilang dekada ang lumipas kasama ang mga komunidad para tulungang matukoy ang karagdagang solusyon na hahantong sa masusukat na pagpapaganda ng kalidad ng hangin para sa mga residente ng Bay Area.”

Kasunod ng pagpapasa ng AB 617, bumuo ang Air District ng Programa sa Pagprotekta sa Kalusugan ng Komunidad, isang pagtutulungan kasama ng Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ng California at ng mga komunidad ng Bay Area na nakatuon sa pagbawas sa mga epekto ng kalidad ng hangin sa mga lugar na pinakaapektado ng pagpaparumi sa hangin. Ang programang ito ay makikipatulungan kasabay ng Programa sa Pagprotekta sa Hangin ng Komunidad sa buong estado ng Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ng California.

Ang AB 617 ay ang batas ng estado na ipinasa kasama ng muling pagbibigay ng pahintulot ng programang cap-and-trade ng California, ang pangunahing bumubuo sa mga pagsusumikap ng estado para bawasan ang pagbabago ng klima. Kinikilala ng batas na habang nakakita ng malaking pagpapaganda sa kalidad ng hangin ang California, hindi lahat ng komunidad ay nagbenepisyo rito nang patas. Ang ilang komunidad na malapit sa mga freeway, daungan, industrya o iba pang pinagmumulan ng malaking pagpaparumi ay kailangan ng karagdagang pagtuon at mga mapagkukunan para bawasan ang mga antas ng pagkakalantad.

Bubuo ang AB 617 ng proseso ng pagpaplano na nakatuon sa komunidad, pagbuo ng karagdagang pagsubaybay ng hangin sa komunidad at pagpopondo ng insentibo na naka-target para ipatupad ang mas malinis na mga teknolohiya. Kabilang sa AB 617 ang mga bagong kinakailangan para pabilisin ang mga pagpapatibay ng mga pagkontrol sa pagpaparumi sa hangin sa mas lumang kagamitang pang-industriya, dagdagan ang mga bayad na mula para sa industriya at magbigay ng mas magandang pagiging patas at pagkakaroon ng datos tungkol sa mga inilalabas.

Makakakita ang publiko ng higit pang impormasyon tungkol sa Programa ng Pagprotekta sa Kalusugan ng Komunidad ng Air District sa http://www.baaqmd.gov/AB617 o humingi ng impormasyon sa email sa AB617Info@baaqmd.gov. Makakakuha ng impormasyon tungkol sa mga pagsusumikap ng buong estado sa website ng Lupon ng Mga Mapagkukunan para sa Hangin ng California sa: https://ww2.arb.ca.gov/communityair.gov.

Spanish interpretation will be available. Interpretation for other languages can be provided upon request at least 72 hours before the event. Contact Azibuike Akaba at aakaba@baaqmd.gov or 415.749.8603 to request interpretation.

Habrá interpretación al español disponible. El servicio de interpretación para otros idiomas estará disponible si se solicita al menos 72 horas antes del evento. Comuníquese con Azibuike Akaba en aakaba@baaqmd.gov o al 415-749-8603 para solicitar servicios de interpretación.

可提供西班牙語口譯服務。其他語言的口譯服務需要提前至少72小時申請。透過電郵 aakaba@baaqmd.gov 或撥打 415-749-8603 聯絡Azibuike Akaba申請口譯服務。

Magkakaroon ng interpretasyon sa Espanyol. Ibibigay ang interpretasyon para sa ibang mga wika kapag hiniling nang 72 oras bago ang event. Kontakin si Azibuike Akaba sa aakaba@baaqmd.gov o 415.749.8603 para humiling ng interpretasyon.

Sẽ có dịch vụ thông dịch tiếng Tây Ban Nha. Dịch vụ thông dịch cho các ngôn ngữ khác có thể được cung cấp theo yêu cầu ít nhất 72 giờ trước sự kiện. Xin liên hệ Azibuike Akaba tại aakaba@baaqmd.gov hay 415.749.8603 để yêu cầu dịch vụ thông dịch.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

---

*Opisina ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Air District* | *Mga Inilabas na Balita*